Republic of the Philippines

# Department of Education

REGION X – NORTHERN MINDANAO

**SCHOOLS DIVISION OF EL SALVADOR CITY**

**Office of the Schools Division Superintendent**

DIVISION ADVISORY

No. 109, s. 2021

October 7, 2021

*In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013, this advisory is issued not for endorsement as per DO No. 28, s. 2001 but for the information of DepEd Officials, Personnel, and the concerned public. (visit https://depedelsalvadorcity.net)*

## GAWAD JULIAN CRUZ BALMASEDA 2022

Attached is the Invitation for the Gawad Julian Cruz Balmaseada 2022, the highest recognition body of the Komisyon sa Wikang Filipino.

Teachers, school heads and non-teaching personnel whose theses and dissertations were written in Filipino language are encouraged to participate in this contest.

For queries and/or clarification, interested participants are encouraged to visit the official website of Komisyon sa Wikang Filipino - www.kwf.gov.ph.

For information and guidance.

**OLGA C. ALONSABE, PhD, CESE**
Assistant Schools Division Superintendent
OIC, Office of the Schools Division Superintendent

Encl:
As stated
Reference:
e-mail from the organizer
To be indicated in the Perpetual Index under the following subjects:

CONTEST FILIPINO LANGUAGE

*OASDS/DLL*

# Sumali sa Gawad Julian Cruz Balmaseda 2022

Alam mo bang maaari kang magwagi ng **PHP100,000** sa paggamit mo ng wikang Filipino sa iyong **tesis/disertasyon**?



Ang **Gawad Julian Cruz Balmaseda** ay ang pinakamataas na pagkilála na handog ng KWF para sa natatanging tesis at disertasyon sa agham, matematika, agham panlipunan, at ibá pang kaugnay na larang gamit ang wikang Filipino.

Ang ilalahok na tesis at/o disertasyon ay naipagtanggol at naipasá sa mga taóng **2019 hanggang 2021.**

**15 OKTUBRE 2021, 5:00 nh.**
**Huling araw ng pagsusumite**

**Sumali sa Gawad Julian Cruz Balmaseda 2022**

Alam mo bang maisusulat mo sa wikang Filipino ang iyong tesis/disertasyon sa iyong pinagdadalubhasaang disiplina?

Pinagtibay ng KWF ang Kapasiyahan ng Kalupunan ng mga Komisyoner Blg. 18-25, s. 2018 na nagtatakda ng paggamit ng wikang Filipino bilang wika ng mga saliksik sa agham, matematika, at humanidades!

Alam mo bang maaari kang magwagi ng PHP100,000 sa paggamit mo ng wikang Filipino sa iyong tesis/disertasyon?

**Ukol sa Gawad**

Ang Gawad Julian Cruz Balmaseda ay ang pinakamataas na pagkilála na handog ng KWF para sa natatanging tesis at disertasyon sa agham, matematika, agham panlipunan, at iba pang kaugnay na larang gamit ang wikang Filipino.

Layunin nitó na hikayatin at palaganapin, sa pamamagitan ng sistemang mga insentibo, grant, at gawad, ang pagsusulat at publikasyon sa Filipino at ibang mga wika ng Pilipinas ng mga akdang orihinal, kabilang ang mga teksbuk at sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina.

May dalawang kategorya ang gawad: (1) tesis at (2) disertasyon. May isang magwawagi lámang sa bawat kategorya. Maaari ring walang tatanghaling magwawagi sa alinmang kategorya.

Nagsimula ang gawad noong 2015 at nakapagtala ng anim na nagwagi: Marlon S. Delupio, disertasyon sa kasaysayan (2015); Gilbert Macarandang, disertasyon sa agham pampolitika at Roman Sarmiento Jr., tesis sa kasaysayan (2016); Lovela Velasco, disertasyon sa panitikan, at Christian Ezekiel Fajardo, tesis sa komunikasyon (2017); Emmanuel De Leon, disertasyon sa pilosopiya (2018); Wenilyn Fajilan, disertasyon sa pagsasalin (2019); at Regina Starr, tesis sa musika at panitikan (2020).

Makatatanggap ng halagang PHP100,000 (net) at isang plake ng pagkilála ang magwawagi sa mga kategorya ng naturang gawad. Lahat ng kopya ng mga lahok, nanalo man o natalo, ay hindi na ibabalik sa mga kalahok. Angkin ng KWF ang unang opsiyon na mailathala ang mga nagwaging lahok nang walang royalti sa may-akda.

**Tuntunin sa Paglahok**

1. Ang **Gawad Julian Cruz Balmaseda** ay ang pinakamataas na pagkilála na handog ng KWF para sa natatanging tesis at disertasyon sa agham, matematika, agham panlipunan, at ibá pang kaugnay na larang gamit ang wikang Filipino.

2. Bukás ito sa lahat ng mga estudyante, babae man o laláki, sa antas gradwado (masteral at doktorado), maliban sa mga empleado ng KWF at kanilang mga kaanak.
3. Ang ilalahok na tesis at/o disertasyon ay naipagtanggol at naipasá sa mga taóng 2019 hanggang 2021.
4. Kinakailangan itong isulat bílang kahingian sa mga kursong may kaugnayan sa agham, matematika, agham panlipunan, humanidades, at sa ibá pang kaugnay na larang.
5. Kailangang orihinal na isinulat at ipinagtanggol sa Filipino ang lahok, orihinal na gawa ng may-akda, hindi pa nailalathala bílang aklat, at hindi rin salin mulâ sa ibang wika.
6. Marapat na gamítin ang *KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat* (MMP) bílang format sa pagsulat ng talababa, talasanggunian, at ibá pa.
7. Para sa paglahok, kinakailangang isumite ang sumusunod:
    -
    - apat (4) na limbag na kopyang makinilyado o computerized (hardcopy). Ang kopya ng mga lahok ay kinakailangang walang taglay na anumang pagkakakilanlan ng may-akda. Nangangahulugan ito ng pag-aalis ng mga preliminaryong pahina ng tesis at disertasyon na nagtataglay ng pagkakakilanlan ng may-akda. Tanging pamagat ng tesis/disertasyon at sagisag-panulat lámang ang pahihintulutang nakalimbag sa manuscript
    - Pormularyo sa Paglahok
    - curriculum vitae ng may-akda;
    - notaryadong awtentipikasyon ng lahok;
    - notaryadong katibayan ng etikong pananaliksik (walang plahiyo) na nilagdaan ng tagapayo;
    - rekomendasyon mulâ sa dalawang propesor sa kinabibilangang larangan;
    - rekomendasyon mulâ sa tagapangulo ng kinabibilangang departamento;
    - rekomendasyon mulâ sa dekano/a ng kinabibilangang kolehiyo
    - Ang mga preliminaryong pahina ng tesis/disertasyon, gaya ng katibayan ng pagsang-ayon, tungkol sa mananaliksik o bionote, pasasalamat, pag-aalay, pahina ng grado at ebalwasyon, at ibá pang katulad ay maaari nang tanggalin.

Ang pormularyo, curriculum vitae, notaryadong dokumento, liham rekomendasyon, at preliminaryong pahina ay nakalagay sa bukod na selyadong brown envelope.

8. Ang lahok ay maaaring ipadala sa koreo sa:

**Lupon sa Gawad Julian Cruz Balmaseda**
**Komisyon sa Wikang Filipino**
**2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel**
**San Miguel, Maynila**

9. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa **15 OKTUBRE 2021, 5:00 nh.** Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.

10. Ang mga magwawagi sa kategorya ng (1) tesis at (2) disertasyon ay makatatanggap ng PHP100,000.00(net), plake, at medalya. May isang magwawagi lámang sa bawat kategorya. Maaari ring walang tatanghaling magwawagi sa alinmang kategorya.
11. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.
12. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhúli nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.
13. Pára sa karagdagang detalye, tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph